ARALIN 53

1. Nagawa bang pagalingin ng paralitiko ang kanyang sarili?
-Hindi.

2. Napagaling ba siya ng mga kaibigan ng paralitiko?
-Hindi.

3. May doktor ba na nakapagpagaling sa lalaking paralitiko?
-Hindi.

4. Kanino dinala ng mga lalaki ang lalaking paralitiko?
-Kay Jesus.

5. Sino ang tanging Isa na nakapagpagaling sa lalaking paralitiko?
-Si Jesus.

6. Maaari bang patawarin ng sinuman ang kasalanan?
-Hindi.

7. Mapapatawad ba ng pari ang kasalanan?
-Hindi.

8. Bakit nagawang patawarin ni Jesus ang mga tao sa kanilang mga kasalanan?
-Dahil si Jesus ay Diyos.

9. Bakit si Jesus ay may awtoridad na magpatawad ng mga kasalanan?
-Dahil si Jesus ay Diyos.

10. Ano ang pangalawang pangalan ng Levita?



-Mateo.

11. Ano ang gawain ni Mateo nang tawagin siya ni Jesus?
-Si Mateo ay isang maniningil ng buwis.
-Si Mateo ay nangolekta ng buwis para sa mga Romano, kinuha ang mga buwis mula sa kanyang mga kalahi, ang mga Hudyo.

12. Sinabi ni Jesus sa mga Pariseo na ang malulusog na tao ay hindi nangangailangan ng doktor, ngunit ang mga maysakit ay nangangailangan. Ano ang ibig sabihin ni Jesus?
-Ang ibig sabihin ni Jesus ay hindi Siya naparito upang iligtas ang mga taong hindi nakakaalam na sila ay may sakit.

13. Sino ang ililigtas ni Jesus ng Siya ay pumarito?
-Naparito si Jesus upang iligtas lamang ang mga taong nakakaalam na sila ay nagkasala laban sa Diyos, at ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanila.

-Isang araw, hiniling ng ilan sa mga Pariseo at mga guro ng batas na makita ang isang mahimalang tanda mula kay Jesus.

Basahin natin ang Mateo 12:38

38-Pagkatapos, ilan sa mga eskriba at mga Fariseo ang nagwika sa kanya, "Guro, ibig naming makakita ng isang tanda mula sa iyo."

-Sa halip na maniwala sa Salita ng Diyos, ano ang gustong makita ng mga Pariseo at mga tagapagturo ng batas?

-Nais nilang makakita ng isang mahimalang tanda.

-Bakit hiniling ng mga Pariseo at mga tagapagturo ng batas na makakita ng isang mahimalang tanda?

-Hindi ba nila nakita o narinig na nagpalayas si Jesus ng mga demonyo sa mga tao?
-Oo.

-Nakita nila.

-Hindi ba nila nakita o narinig na pinagaling ni Jesus ang taong may ketong?
-Oo.

-Nakita nila.

-Hindi ba nila nakita o narinig ang pagpapagaling ni Jesus sa lalaking paralitiko?
-Oo.

-Nakita nila.

-Hindi ba nila nakita o narinig na pinagaling ni Jesus ang lahat ng lumalapit sa Kanya?
-Oo.

-Nakita nila.

-Kung gayon, bakit hinihiling ng mga Pariseo at mga Tagapagturo ng batas na makakita ng higit pang mga mahimalang tanda?

-Dahil hindi sila naniniwala na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas.



-Sa halip na maniwala kay Jesus, ang mga Pariseo at ang mga tagapagturo ng batas ay nais lamang makakita ng mga mahimalang tanda.

-Sa halip na maniwala sa Salita ng Diyos, ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng batas ay nais lamang makakita ng mga mahimalang tanda.

-Naaalala mo ba kung paano ipinakita ng Diyos sa mga Israelita ang maraming mahimalang tanda, at hindi pa rin sila naniwala?

-Nagpadala ang Diyos ng sampung salot kay Paraon at sa mga taga-Ehipsiyo, at hindi pa rin naniwala ang mga Israelita.

-Nilunod ng Diyos si Paraon at ang kanyang hukbo sa Dagat na Pula, at hindi pa rin naniwala ang mga Israelita.

-Nagpadala ang Diyos ng pugo at manna sa mga Israelita sa disyerto, at hindi pa rin sila naniwala.

-Sa halip na maniwala kay Jesus, gusto lamang ng maraming tao na makakita ng mga mahimalang tanda.

-Maliligtas ba tayo ng makakita ng mga mahimalang palatandaan?
-Hindi.

-Ang paniniwala lamang kay Jesus na Tagapagligtas ang magliligtas sa atin.

-Kung sasabihin natin na maniniwala lamang tayo kay Jesus kapag nakakita tayo ng isang mahimalang tanda, ano ang sinasabi natin?

-Na si Jesus ay sinungaling.

-Kung sasabihin natin na maniniwala tayo na ang Salita ng Diyos ay totoo lamang kapag nakakita tayo ng isang mahimalang tanda, ano ang sinasabi natin?

-Ang Salita ng Diyos ay kasinungalingan.

-Ano ang isinagot ni Jesus sa mga Pariseo at mga guro ng batas?

Basahin natin ang Mateo 12:39

39-Ngunit sumagot siya sa kanila, "Humahanap ng tanda ang isang masama at mapangalunyang lahi; ngunit walang tanda na ibibigay sa kanya, liban sa tanda ng propeta Jonas."

-Ano ang sinabi ni Jesus?

-Sinabi ni Jesus na ang masasama at mapangalunya lamang ang humihingi ng tanda.

-Ano ang tanging tanda na sinabi ni Jesus na ibibigay Niya sa mga tao?
-Ang tanda ni Jonas.

-Ano ang tanda ni Jonas?

Basahin natin ang Mateo 12:40

40-[Sabi ni Jesus] "Sapagkat kung paanong si Jonas ay nasa tiyan ng isang dambuhala sa dagat sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi, gayundin naman ang Anak ng Tao ay tatlong araw at



tatlong gabing mapapasailalim ng lupa."

-Ano ang tanda ni Jonas?

-Tulad ni Jonas na nasa tiyan ng malaking isda sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi, gayundin si Jesus ay nasa tiyan ng lupa sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi.

-Tulad ng paglabas ng Diyos kay Jonas mula sa tiyan ng malaking isda pagkatapos ng tatlong araw at tatlong gabi, gayundin ang paglabas ng Diyos kay Jesus mula sa tiyan ng lupa pagkatapos ng tatlong araw at tatlong gabi.

-Sinabi ni Jesus sa mga Pariseo at sa mga tagapaturo ng batas na ang tanda ni Jonas ay ang tanda na Siya ang Diyos na Tagapagligtas.

-Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Pariseo at mga tagapagturo ng batas?

Basahin natin ang Mateo 12:41

41-[Sabi ni Jesus] "Ang mga tao ng Ninive ay tatayo sa paghuhukom na kasama ng lahing ito at hahatulan nila ito, sapagkat nagsisi sila sa pangangaral ni Jonas; At masdan ninyo, may isang higit na dakila kaysa kay Jonas ang narito."

-Pumunta si Jonas sa masasamang tao ng Nineveh at sinabihan silang magsisi sa kanilang mga kasalanan kung hindi ay parurusahan sila ng Diyos.

-Ano ang ginawa ng mga tao ng Nineveh?

-Nakinig sila sa Salita ng Diyos na itinuro ni Jonas, at nagsisi sa kanilang mga kasalanan.

-Alam ba ng mga tao ng Nineveh ang mga pangako ng Diyos na ibinigay Niya kina Abraham, Isaac, at Jacob?

-Hindi.

-Alam ba ng mga tao ng Nineveh ang mga utos ng Diyos na ibinigay Niya kay Moises?

-Hindi.

-Alam ba ng mga tao ng Nineveh ang lahat ng mga mahimalang palatandaan na ginawa ng Diyos para sa mga Israelita?

-Hindi.

-Bagamat ang mga tao ng Nineve ay walang alam sa mga ito, nagsisi pa rin sila sa kanilang mga kasalanan nang turuan sila ni Jonas.

-Ngayon, isang mas dakila kaysa kay Jonas ang nagtuturo sa mga tao na magsisi.

-Sino ang Isang mas dakila kaysa kay Jonas?
-Si Jesus, ang Diyos na Tagapagligtas.

-Paano naging dakila si Jesus kaysa kay Jonas?

-Si Jonas ay isang tao lamang, ngunit si Jesus ay tunay at ganap na tao at tunay at ganap na Diyos.



-Bagamat si Jesus ay Diyos na Tagapagligtas at si Jonas ay isang tao lamang, ang mga Judio ay tumangging maniwala.

-Bagamat ang turo ni Jesus ay mas dakila kaysa kay Jonas, ang mga Judio ay tumangging maniwala.

-Bagamat si Jesus ay gumawa ng maraming mga himala na hindi nagawa ni Jonas, ang mga Judio ay tumanggi pa ring maniwala.

-Bakit sinabi ni Jesus na ang mga Judio ay mas masasama kaysa sa mga tao ng Nineveh?

-Dahil ang mga tao ng Nineveh ay nagsisi sa turo ni Jonas, at ang mga Judio ay hindi nagsisi sa turo ni Jesus, ang Diyos na Tagapagligtas.

-Bagamat tinuruan ni Jesus ang mga Judio na magsisi at gumawa ng maraming mahimalang tanda, tumanggi pa rin ang mga Judio na maniwala na Siya ang Diyos na Tagapagligtas.